**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL G

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

## Introduksiyon

Dahil natalakay na sa mga nakaraang modyul ang kahalagahan ng wikang Filipino, sa modyul na ito tatalakayin kung paano pa ito mapapayaman para lalo pang makakapang-ambag sa diskursong panlipunan. Tatalakayin, kung gayon ang intelektuwalisasyon ng wika at kung ano-ano ang mga pagkilos tungo rito.

## Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Modyul G, inaasahan na ikaw ay:

1. Makasusuri ng konsepto ng intelektuwalisasyon bilang isang mahalagang paraan sa pagpapaunlad ng wika;

2. Makapagpapaliwanag sa kahalagahan ng pagsasalin bilang larang sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino;

3. Makagagawa ng pagsasalin bilang isang praktis at aplikasyon ng pagpapaunlad ng wikang Filipino.

## Intelektuwalisasyon bilang Pagpapaunlad sa Wika

Ayon kay Gonzales (2002), ang intelektuwalisasyon ang huling yugto sa pag-unlad ng wika. Isa itong yugto ng modernisasyon sa mga anyo ng pagpapahayag ng wika (pasalita at pasulat). Isa rin itong yugto ng pagpapayaman ng wika sa iba't ibang aspekto ng lipunan. Nagiging laganap ang paggamit at paglalatag ng mga larang tulad ng sining, media, akademikong institusyon, at iba pa.

| **Gabay sa Talakayan sa Klase** |
|---|
| 1. Basahin mo ang pahina 1-4 ng Modyul 7 - Intelektuwalisasyon bilang Pagpapaunlad sa |

Wika at ang sanaysay na *Language Planning and Intellectualisation (2002)* ni Andrew Gonzalez.

2. Pagkatapos basahin ang modyul at sanaysay, pag-isipan mo ang mga tanong sa Gawain 1 ng nasabing modyul.
3. Kaugnay ng huling tanong ng Gawain 1: Paano mo mapatutunayan ang pahayag na "Maaari lamang ma-intelektwalisa ang isang wika sa pamamagitan ng paggamit nito"?

   Kamakailan, gumawa ang ingay ang *New Testament: Pinoy Version*, isang pagsasalin ng simbahang Katoliko sa Bibliya. Magkakaiba ang reaksyon ng mga tao sa salin. May nagustuhan, mayroon ding tumutol. Ano ang tindig mo rito? Ipaliwanag mo ito.

<u>Pagsasalin at Pagsasakatutubo tungo sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino</u>

Isa sa mga nakikitang hadlang sa paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang larang ay ang kakulangan ng mga terminong teknikal sa Filipino. Dahil ginagamit na ang Ingles sa mga larang na ito, hindi na nakikita ang kahalagahan pa ng Filipino. Alam natin mula sa mga naunang modyul na mahalagang gamitin ang Filipino dahil may taglay itong katutubong kaalaman at konseptong lokal na hindi nasasaklaw ng Ingles. Makakapag-ambag ang Filipino sa larang kung gagamitin ito. Makakatulong ang sining at siyensiya ng pagsasalin upang mapatuloy ang Filipino sa mga larang na hindi pa ito lubos na ginagamit.

**Gabay sa Gawain – Gawaing Pangkatan**

1. Basahin mo ang pahina 8- 13 ng Modyul 7 – Intelektuwalisasyon bilang Pagpapaunlad sa Wika).

2. Pagkatapos basahin ang modyul, pag-isipan mo ang sumusunod:
   a. Ano-ano ang mga uri ng salin ayon kay Newmark (1988)? Ipaliwanag mo.

   b. Ano-ano ang pagsasalin sa iba't ibang antas ayon kay Enriquez (1985)? Ipaliwanag mo.

3. Bilang grupo, pumili kayo ng isang kantang **OPM sa Ingles at isalin ito sa Filipino.** Kailangang may hindi bababa sa tig-apat na linya ng kanta ang bawat miyembro ng grupo. Magrekord ng video na makikita ang salin ng awit habang kinakanta ng myembro ang mga linyang isinalin niya. KAILANGANG WALA PANG NAUNANG SALIN SA YOUTUBE ANG NAPILI NINYONG KANTA.

4. Mag-log in sa VLE course ng ating klase. Isumite sa <u>Video 2 – Gawaing Pangkatan</u> ang inyong recorded video.

**Format:** mp4, 5 mins max.

**Rubrik ng Pagpupuntos (10pts):**

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

| | |
|---|---|
| **Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain:** | |
| Paglahok ng lahat ng miyembro | 1pt |
| Obserbasyon ng batayang format | 1pt |
| **Malikhaing presentasyon:** | |
| Kawili-wiling format ng pag-awit | 1pt |
| Malikhaing biswal na presentasyon | 1pt |
| **Maayos na pagsasalin ng awit:** | |
| Angkop na pagpili ng mga salita salin | 2pts |
| Maayos na paggamit ng estratehiya sa pagsasalin | 2pts |
| Mainam na paglalapat ng salin sa awit | 2pts |

Pangwakas

Makatutulong ang pagsasalin sa layunin ng intelektuwalisasyon at modernisasyon ng wikang Filipino. Natutunan mo na ang wikang intelektuwalisado ay wikang ginagamit sa iba't ibang larang ng pagkatuto. Ginagamit ba ang Filipino sa iyong larang? Sa susunod na modyul, matutuklasan mo kung ano-anong larang ang aktibong gumagamit ng wikang Filipino.

Mga Sanggunian:


MODYUL 7: INTELEKTWALISASYON NG WIKA
https://vle.upm.edu.ph/pluginfile.php/27608/mod_resource/content/1/WIKA%201_Modyul%207%20intelektuwalisasyon%20ng%20Wika.pdf

Andrew Gonzalez (2002) Language Planning and Intellectualisation, Current Issues in Language Planning, 3:1, 5-27, DOI: 10.1080/14664200208668034
https://vle.upm.edu.ph/mod/folder/view.php?id=12163


JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)